



## Ang Emirates Nuclear Power Corporation (Korporasyon para sa Lakas Nuklear ng Emirates)

Ang United Arab Emirates ay may kritikal na pangangailangan para sa bago at malinis na mga pagmumulan ng elektrisidad. Ipinapakita sa mga pag-aaral na isinagawa ng gobyerno na ang pinakamataas na taunang pambansang pangangailangan para sa elektrisidad ay natantiyang lalaki nang mahigit sa 40,000 megawatts sa pagsapit ng 2020, isang sukat sa taunang naipong mga bahagdan ng paglaki na humigit-kumulang sa 9 na porsiyento. Sa kasalukuyan, ang naipangakong kapasidad ay makakatugon lang sa kalahati ng pangangailangang ito.

Nahaharap sa pagsubok na ito, ang gobyerno ng UAE ay nagsuri ng lahat ng mga alternatibo para sa paggawa ng kuryente, isinasaalang-alang ang apat na salik: ekonomiko, ang kapaligiran, seguridad ng pagkukunan at ang posibilidad para sa pangmatagalang ekonomikong pagsulong. Ang pagsusuring iyon ay nagdulot ng konklusyon na ang isang mapayapa at programang sibil para sa lakas nuklear ay kailangang isaalang-alang bilang isang praktikal na solusyon sa pangangailangan ng bansa sa enerhiya.

Sa isang dokumento ng patakaran na inilunsad sa Tagsibol ng 2008, ang gobyerno ng UAE ay nag-endorso ng anim na mga prinsipyo na mamamahala sa pangangalugad nito sa potensiyal na programang sibil para sa lakas nuklear:

- Ang UAE ay maninindigan sa kabuuang pagkalinaw ng operasyon.
- Ang UAE ay maninindigan na magsusumikap upang maabot ang pinakamataas na pamantayan ng hindi pagkalat.
- Ang UAE ay maninindigan sa pinakamataas na pamantayan ng kaligtasan at seguridad.
- Ang UAE ay direktang makikipagtrabaho kasama ang IAEA at tutupad sa mga pamantayan nito sa pagtasa at potensiyal na pagbuo ng mapayapang programang nuklear na enerhiya.
- Ang UAE ay magtatrabaho bilang kasangga ng mga gobyerno at mga kompanya ng mga responsableng bansa, pati na rin ang tulong ng mga naaangkop na ekspertong organisasyon.
- Ang UAE ay magsasagawa ng anumang mapayapang programang pang-domestikong lakas nuklear sa isang paraan na pinakamahusay na makakasiguro sa pangmatagalang pagpapanatili.

Itinatag ng gobyerno ng Abu Dhabi ang Emirates Nuclear Energy Corporation (ENEC) nitong Disyembre 2009. Ang ENEC ang responsable sa mga gawaing paghahanda na kailangan para pabilisin ang pagpapatakbo ng mga planta ng lakas nuklear sa UAE.

Sinusuri na ng ENEC ang mga posibleng pagsasaayos ng teknolohiya at komersyo para sa pagdidisenyo, konstruksyon at operasyon ng mga planta ng lakas nukleyar at inaasahang malapit na itong mag-anunsiyo ng pagpili ng Pangunahing Kontraktor para sa programa. Nirerepaso din ng ENEC ang pangangailangan para sa imprastruktura at mga potensiyal na lugar para sa mga planta ng lakas nuklear. Ang plano ay ang pagkakaroon ng mga planta ng lakas nuklear na nagdudulot ng lakas sa grid ng elektrisidad pagsapit ng 2017.



Tinaguyod ng UAE ang Emirates Nuclear Energy Corporation (ENEC) upang pangasiwaan ang komersiyal na programa para sa nuklear ng enerhiya ng bansa.




## Daanang pasulong

- May pipiliing kontraktor na gagawa ng mga planta sa taglagas ng 2009
- Ang unang planta ng nuklear na enerhiya ay inaasahang magsimulang gumawa ng koryente sa 2017
- Ang nuklear na enerhiya ay inaasahang sa kalaunan ay makagawa ng 25% ng pangangailangan sa enerhiya ng bansa.

Ang mga planta ng nuklear na enerhiya ay kasama sa mga pinakaligtas at mas libre sa peligro na industriyal na pasilidad sa mundo

Ang usok ang nagpapa-ikot ng mga blade ng isang turbino. Habang umiikot ang turbino, ang generator ay umiikot at ang magnetic field nito ay nakagagawa ng koryente

Ang mga nuklear na reactor ay nagpapa-init ng tubig upang maging usok



Ang koryente ay tutulong na matugmaan ang mga pangangailangan na inaasahang magdoble pagsapit ng 2020 sa UAE

## Ang kaligtasan ang pangunahing prioridad

GAGAMIT ANG ENEC NG MGA PLANTA NA MAY NAPATUNAYAN NANG MGA TAMPOK SA KALIGTASAN AT GAGAWA NG MATIWASAY NA PROGRAMANG NUKLEAR NA MAGSISILBING PAMANTAYANG MODELO PARA SA MGA IBANG BANSANG.

14 na mga bansa ang gumagawa ng mahigit 20% ng kanilang mga koryente mula sa nuklear na enerhiya.

30 bansa ang mayroong matiwasay na programa para sa nuklear na enerhiya

## Isang pandaigdigang pagpipilian sa enerhiya

Ang nuklear na enerhiya ay gumawa ng koryente para sa mga tahanan at mga negosyo sa buong mundo nang mahigit na sa 50 taon. Ang paggawa ng abot-kaya at maaasahang koryente ay makakatulong na paganahin ang hinaharap na pag-unlad ng UAE.

Ang 439 na mga plantang nuklear sa 30 bansa ay nakagagawa ng 14 porsiyento ng koryente ng buong mundo.